



Pag-unawa sa Nakakapinsalang Trabaho: Pagprotekta sa mga Bata at Matatanda

Bahagi 2: Isang Pagsasanay para sa Mga Aktor ng Ekonomikong Kapangyarihan ng Kababaihan



Ibinibigay ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos ang pagpopondo sa ilalim ng kasunduan sa kooperatiba bilang IL-31469. Pinondohan ng mga pederal na pondo, sa kabuuang \$1,872,000 dolyar ang 100% ng kabuuang gastos ng proyekto o programa. Hindi kinakailangang sumasalamain sa mga pananaw o patakaran ng Departamento ng Paggawa ng Estados Unidos ang materyal na ito, ni nagpapahiwatig ng pag-endorso ng Pamahalaan ng Estados Unidos ang pagbanggit ng mga pangalan ng kalakalan, komersyal na produkto, o organisasyon.

Tungkol sa Proyektong RICHES

Inaasahan ng iilan na ang mga pamumuhunan sa mga negosyo ng kababaihan ay nagpapataas ng panganib o insidente ng nakakapinsalang pagtatrabaho ng mga bata (child labor) o matatanda. Gayunpaman, [inihayag ng pananaliksik](#) na isinagawa ng proyektong *Reducing Incidence of Child Labor and Harmful Conditions of Work in Economic Strengthening Initiatives* (RICHES) na habang ang mga babaeng negosyante ay nagpupumilit na pamahalaan ang mga pasanin sa paggawa ng kanilang mga negosyo sa mga gawain sa bahay at walang bayad na trabaho sa pangangalaga, marami ang bumaling sa mga pinakamalapit sa kanila para humingi ng tulong—sa kanilang mga anak.

Ang Grameen Foundation, sa pakikipagtulungan sa American Bar Association Rule of Law Initiative at pinondohan ng U.S. Department of Labor, Office of Child Labor, Forced Labor and Human Trafficking (OCFT), ay inilunsad ang proyektong RICHES na may layuning responsableng suportahan ang mga negosyo ng kababaihan, at mabawasan ang panganib ng mapaminsalang pagpapatrabaho sa mga bata at matatanda o ang paggamit ng iba pang negatibong diskarte. Para makamit ang layuning ito, ang RICHES ay bumuo ng isang toolkit para sa mga Aktor ng women's economic empowerment (WEE)—gaya ng mga entidad o indibidwal na sumusuporta sa pagpapaunlad o pagpapalawak ng mga negosyo ng kababaihan, nagbibigay ng kabuhayan o mga serbisyong pinansyal at/o sumusuporta sa kababaihan (sa buong mundo) sa mga pagsisikap na pataasin ang kanilang access sa mga pagkakataong pang-ekonomiya, lalo na ang mga naninirahan sa papaunlad na mga ekonomiya.

Ang RICHES toolkit ay isinaayos sa tatlong yugto. **Ang Yugto 1** ay kumakatawan sa isang **minimum na hanay ng mga kasanayan** at mga kaugnay na kagamitan na meron at magagamit ng lahat ng Aktor ng WEE para isulong ang proteksyon ng bata at ligtas at mabuting mga kasanayan sa negosyo sa loob ng mga inisyatiba at/o negosyo ng kababaihan. Sumasaklaw ang Yugto 1 sa:

- Pagbuo ng kamalayan sa mga panganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga bata at kababaihan habang sumusuporta sa mga negosyo ng kababaihan o mga aktibidad ng WEE.
- Pagsusuri ng mga panganib at pagtukoy sa mga sitwasyon ng nakakapinsalang pagtatrabaho ng mga bata at matatanda at kung paano lutasin ang mga isyung ito;
- Inilalapat ang mga prinsipyo ng Do No Harm kapag bumubuo at/o nagpapatupad ng mga inisyatiba sa ekonomiya ng kababaihan; at
- Inaalam kung saan pupunta para sa tulong at kung saan makakahanap ng mga mapagkukunan

Ang mga Yugto 2 at 3 ay nag-aalok ng mas komprehensibong diskarte sa proteksyon at kalusugan ng bata at ligtas na mga kasanayan sa negosyo sa pamamagitan ng pananaliksik sa merkado, pagsasanay at mga pagsusuri sa antas ng organisasyon, direktang pagsasanay ng kalahok, pagbuo ng produkto, at pagsubaybay at pagsusuri. Tingnan ang susunod na slide para sa Larawan na nagbubuod sa toolkit. (Ang grapikang ito ay tatalakayin din mamaya sa pagsasanay).

Para ma-access ang buong toolkit, kumonsulta sa <https://grameenfoundation.org/riches>.



Toolkit sa mga WEE Actor

PAGTATAKDA NG PUNDASYON Unang Bahagi

Magsimula dito: Gamitin ang mga tool na ito upang bumuo ng **antas ng pangangasiwa** ng kamalayan at pag-unawa sa mga risk sa organisasyon at programa ng mapaminsalang trabaho para sa mga kabataan at kababaihan.

- **Making the Case Presentation**
- **Pag-aaral ng mga Panganib**
- **Social Performance Management (SPM) Guide** (SPM Assessment Lang)
- **Pagsasanay sa Pag-unawa sa Mapanganib na Trabaho** (sa Pamamahala Lamang)
- **Gabay sa Pagbuo ng mga Linkage** (Listahan ng Pakikipag-ugnayan sa Pang-emergency at External na Suporta Lang)

-
- **Gabay para sa mga Namumuhunan** (sa Mga Namumuhunan Lang)

PAGBUO NG ISTRUKTURA Pangalawang Bahagi

Gamitin ang mga tool na ito upang magkaroon ng kamalayan sa **frontline staff-level** at bigyang-prioridad ang mga bago o pinahusay na produkto at serbisyo.

- **Gabay sa Social Performance Management (SPM)** (Lahat ng mga tool)
- **Pagsasanay para sa Pag-unawa sa mga Mapaminsalang Trabaho** (kasama ang Lahat ng Staff)
- **Gabay sa Pananaliksik sa Market**
- **Gabay sa Mga Serbisyong Pinansyal**
- **Pagsasanay sa Pagdidisenyo**

PAGHIMOK SA MGA KALAHOK Pangatlong Bahagi

Gamitin ang mga tool na ito upang magkaroon ng kamalayan sa **antas ng pakikilahok** at suportahan ang mga pangangailangan nila.

- **Gabay sa Pagbuo ng mga Linkage** (Lahat ng mga tool)
- **Gabay sa Pagsusuri ng Negosyo** (Papel + Digital na Bersyon)
- **Gabay sa mga Pag-uusap sa Loob ng Tahanan**
- **Kurikulum ng Mapanganib na Negosyo** (Papel + Digital na Bersyon)
- **Gabay sa Monitoring and Evaluation**

Paano gamitin ang Pagsasanay sa Pag-unawa ng Mapaminsalang Trabaho - Bahagi 2: PowerPoint Presentation

Mga Pangunahing Manonood: Ang pinangasiwaang pagsasanay na ito ay idinisenyo para ipatupad ng isang bihasang tagapangasiwa. Ang pangunahing benepisyaryo ng mga resulta ng kagamitan ay ang pamamahala ng Aktor ng WEE at kawani sa antas ng larangan. Ang mga Aktor ng WEE ay mga entidad o indibidwal na sumusuporta sa pagpapaunlad o pagpapalawak ng mga negosyo ng kababaihan, nagbibigay ng kabuhayan o mga serbisyong pinansyal, at/o sumusuporta sa kababaihan (sa buong mundo) sa mga pagsisikap na pataasin ang kanilang access sa mga oportunidad sa ekonomiya, lalo na ang mga naninirahan sa mga papaunlad na ekonomiya.

Paglalarawan ng Proseso: Ang Presentasyong ito ay magbibigay sa iyo ng impormasyon na kailangan mo para mapadali ang isang pagsasanay para sa mga Aktor ng WEE (o para sa isang sariling bilis na pagsasanay) sa mga isyu ng nakakapinsalang trabaho para sa mga bata (child labor) at matatanda (hindi katanggap-tanggap na kondisyon ng trabaho (unacceptable conditions of work, UACW)) dahil ang mga problemang ito ay nangyayari sa loob ng mga negosyo ng kababaihan.

Mga Kailangang Materyales: Ang PowerPoint Presentation na ito ay dapat gamitin kasabay ng *Pag-unawa sa Mapanganib na Pagsasanay sa Trabaho—Bahagi 1: Gabay ng Facilitator* ([makukuha rito](#)). Ang Pagtatanghal na ito ay: 1) isang kasamang piraso para sa Gabay ng Facilitator na idinisenyo para sa mga pagsasanay ng mga Aktor ng WEE na pinamumunuan ng facilitator o 2) ay maaaring gamitin ng isang nagsasariling kagamitan para sa mga indibidwal na AKtor ng WEE o mga grupo ng Aktor ng WEE na gumawa ng sariling bilis na pagsasanay kung wala silang access sa isang facilitator o oras para lumahok sa isang pinangasiwaang pagsasanay.

Kailangang Oras: Ang format na **pinangasiwaang pagsasanay** ay tatagal ng tinatayang 8 oras (kabilang ang mga pahinga at pagkain) para makumpleto. Ang format na **sariling bilis na pagsasanay** (PowerPoint lamang) ay makukumpleto sa loob ng isa hanggang dalawang oras.

Mga Kailangang Pag-aakma: Ang **sariling bilis** at **pinangasiwaan** na pagsasanay ay parehong maaaring iakma para matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan sa pag-aaral ng mga kalahok. Pakitingnan ang gabay sa Bahagi 1: Gabay ng Facilitator para sa mga ideya sa pag-aakma.

Mga Gastos sa Paggamit ng Kagamitan: Ang pangunahing gastos mula sa paggamit ng mga kagamitang **sariling bilis na pagsasanay** at **pinangasiwaan na pagsasanay** ay oras ng kawani at mga gastusin sa internet. Para sa **pinangasiwaang pagsasanay**, mayroon ding pag-print at mga supply, anumang inumin, miryenda, o tanghalian na ibinibigay sa mga kalahok, pati na ang anumang gastusin sa lugar ng pagpupulong kung ginawa sa isang lokasyon sa labas ng opisina.

Mga Panganib na Isasaalang-alang: Dapat gawin ang bawat pagsusumikap para magbigay ng isang ligtas na kapaligiran sa pag-aaral kung saan maaaring malayang magbahagi nang walang panganib ng paghatol ang mga mag-aaral.

Mga wika: Ang gabay na ito ay magagamit sa Ingles, Pilipino, at Espanyol



Gabay sa Sariling Bilis na Pagsasanay

Mga Opsyon sa Pagsasanay para sa Sariling Bilis na Instruksyon

Kung ina-access ang PowerPoint na ito para sa sariling bilis na pagsasanay:

- a) Ang buong presentasyon, na kinabibilangan ng malalim na impormasyon tungkol sa proteksyon ng bata at nakakapinsalang pagtatrabaho para sa mga bata (child labor) at matatanda (UACW), at ang koneksyon ng mga isyung ito sa WEE, ay nangangailangan ng tinantyang oras ng pagsasanay na 1-2 oras.
- b) Para sa pagsasanay sa kung paano kumokonekta ang nakakapinsalang pagtatrabaho ng mga bata at matatanda sa WEE *lamang*, (na ipinapalagay ang pag-unawa sa parehong konsepto ng nakakapinsalang pagtatrabaho), simulan ang pagsasanay [dito](#). Ang tinatayang oras ng pagsasanay ay 30 minuto.

Ang isang opsyonal na pre-post test para sa pagsasanay na ito ay [narito](#).

Pagsasanay Mga Hangarin

Sa pagtatapos ng pagsasanay na ito, magkakaroon ang mga kalahok ng:

- Natukoy na pangangailangan sa proteksyon ng bata at ang mga katangian ng mapaminsalang pagpapatrabaho sa mga bata at adulto, tulad ng nangyayari sa pangkalahatan, at sa loob ng Women's Economic Empowerment (WEE) na mga Inisyatiba.
- Natukoy ang mga sitwasyon ng mapaminsalang pagtatrabaho ng mga bata at adulto.
- Kinilala ang mga benepisyong sa mga Aktor ng WEE sa pagasali sa proteksyon ng bata at pagtugon sa mapaminsalang trabaho at ang mga hakbang na maaari nilang gawin para matugunan ang mga isyung ito.
- Tinukoy ang mga mapagkukunan na magagamit sa WEE Actors sa pagtugon sa mga isyung ito, kabilang ang Toolkit ng RICHES.

[\(Opsyonal\) Lumaktaw sa Mapaminsalang Trabaho sa WEE](#)

Mga Katanungan ng Pre- at Post Test

Mga Sagot

1. Ang karanasan sa trabaho ay palaging kapaki-pakinabang sa pag-unlad ng isang bata. Tama Mali

2. Ang mga bata na nagtatrabaho kasama ng kanilang mga magulang at pumapasok sa paaralan ay hindi kailanman nakikibahagi sa nakakapinsalang pagtatrabaho. Tama Mali

3. Ang kahirapan ang pangunahing dahilan kung bakit nasangkot ang mga bata at matatanda sa nakapipinsalang pagtatrabaho. Tama Mali

4. Ang mga krisis at emerhensiya ay maaaring magpataas sa panganib na maganap sa isang lugar ang nakakapinsalang pagtatrabaho. Tama Mali

5. Ang nakakapinsalang pagtatrabaho ay may negatibong kahihinatnan para sa nagtatrabahong bata, sa kanilang pamilya, at sa komunidad. Tama Mali

6. Ang mga maliit, bagong tatag na negosyo ng kababaihan ay nasa mababang panganib para sa nakakapinsala at mapagsamantalang mga kondisyon sa pagtatrabaho. Tama Mali

7. Sa mga lipunang may tradisyonal na mga tungkulin sa kasarian, ang mga batang babae ay mas malamang na magtrabaho sa mga negosyo ng kababaihan kaysa sa mga batang lalaki. Tama Mali

8. Palaging binabawasan ng access sa microcredit ang panganib ng mapaminsalang trabaho sa mga negosyo ng kababaihan. Tama Mali

9. Para mas maprotektahan ang mga bata at matugunan ang mga nakakapinsalang sitwasyon sa trabaho sa mga negosyo ng kababaihan, dapat tayong tumuon sa mga ugat ng mga problemang ito. Tama Mali

10. Ang mga Aktor ng Women's Economic Empowerment (WEE), sa pakikipagtulungan sa ibang mga organisasyon, ay makakatulong na masira ang siklo ng nakakapinsalang trabaho sa mga negosyo ng kanilang mga kliyente, habang pinapahusay ang kanilang sariling mga negosyo. Tama Mali 7

Mga Katanungan ng Pre- at Post Test

Mga Sagot

- | | |
|--|--|
| 1. Ang karanasan sa trabaho ay palaging kapaki-pakinabang sa pag-unlad ng isang bata. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 2. Ang mga bata na nagtatrabaho kasama ng kanilang mga magulang at pumapasok sa paaralan ay hindi kailanman nakikibahagi sa nakakapinsalang pagtatrabaho. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 3. Ang kahirapan ang pangunahing dahilan kung bakit nasangkot ang mga bata at matatanda sa nakapipinsalang pagtatrabaho. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 4. Ang mga krisis at emerhensiya ay maaaring magpataas sa panganib na maganap sa isang lugar ang nakakapinsalang pagtatrabaho. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 5. Ang nakakapinsalang pagtatrabaho ay may negatibong kahihinatnan para sa nagtatrabahong bata, sa kanilang pamilya, at sa komunidad. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 6. Ang mga maliit, bagong tatag na negosyo ng kababaihan ay nasa mababang panganib para sa nakakapinsala at mapagsamantalang mga kondisyon sa pagtatrabaho. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 7. Sa mga lipunang may tradisyonal na mga tungkulin sa kasarian, ang mga batang babae ay mas malamang na magtrabaho sa mga negosyo ng kababaihan kaysa sa mga batang lalaki. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 8. Palaging binabawasan ng access sa microcredit ang panganib ng mapaminsalang trabaho sa mga negosyo ng kababaihan. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 9. Para mas maprotektahan ang mga bata at matugunan ang mga nakakapinsalang sitwasyon sa trabaho sa mga negosyo ng kababaihan, dapat tayong tumuon sa mga ugat ng mga problemang ito. | Tama <input type="radio"/> Mali |
| 10. Ang mga Aktor ng Women's Economic Empowerment (WEE), sa pakikipagtulungan sa ibang mga organisasyon, ay makakatulong na masira ang siklo ng nakakapinsalang trabaho sa mga negosyo ng kanilang mga kliwente, habang pinapahusay ang kanilang sariling mga negosyo. | Tama <input type="radio"/> Mali 8 |

**Isang
Pandaigdigang
Pangkalahatang-
ideya ng
Nakakapinsalang
Pagtatrabaho
para sa mga
Bata**



Mahalagang Internasyonal na Kahulugan

Sino ang isang bata?

....Ang bata ay sinumang tao na wala pang **18 taong gulang**, maliban kung ang pambansang batas ay nagtatakda ng ibang edad*.

Mapagkukunan: UN Convention on the Rights of the Child (UNCRC), 1990.

Mga Pangunahing Internasyonal na Karapatan para sa mga Bata

Karapatan sa Edukasyon

“Ang bawat bata ay may karapatan sa edukasyon. Dapat ay libre ang pangunahing edukasyon. Dapat ay available sa bawat bata ang sekundarya at mas mataas na edukasyon”.

Proteksyon sa Mapaminsalang Trabaho

“May karapatang maprotektahan ang mga bata mula sa paggawa ng trabahong mapanganib o masama sa kanilang edukasyon, kalusugan o pag-unlad. Kung nagtatrabaho ang mga bata, may karapatan silang maging ligtas at mabayaran nang patas”.


Mapagkukunan: UN Convention on the Rights of the Child (UNCRC), 1990.

Anong trabaho sa iyong palagay ang nakakasama sa mga bata?

Ilarawan, isulat, isadula, o iguhit ang iyong mga iniisip.

Pagtatrabaho ng Bata

Pamantayang Internasyonal




Ang pinakamababang edad para sa trabahong nakalista sa itaas ay ayon sa mga internasyonal na pamantayan.

* Sa ilang umuunlad na bansa, ang mga pinakamababang edad na ito ay maaaring ilapat.

**Ang mga uri at kondisyon ng trabaho na itinuturing na mapanganib sa mga bata ay tinutukoy ng pambansang batas.

Nakakapinsalang Pagtatrabaho ng Bata

Pamantayang Internasyonal



**Nakakapinsal
ang
Pagtatrabaho
ng Bata**



Mga batang nakikibahagi sa gawaing pisikal, mental, at moral na mapanganib at nakakapinsala, at nakakasagabal sa kanilang pag-aaral.

Mga FAQ: Trabaho ng Mga Bata

Internasyonal na Rekomendasyon

Tanong: Ano ang maituturing na **mga gawaing bahay** sa pangkalahatan?

Tanong: Hindi ba kapakipakinabang ang ilang **karanasan sa trabaho** sa mga bata?

Tanong: Sino ang nagpapasya kung ano ang itinuturing na **legal na trabaho? Ilegal na trabaho?**

Sagot: Trabaho na: a) nasa tahanan ng isang bata; b) nasa ilalim ng makatwirang mga kondisyon; at c) nasa ilalim ng pangangasiwa ng malalapit na miyembro ng pamilya.

Sagot: Oo, kung ito ay: a) naaangkop sa edad; b) hindi negatibong nakakaapekto sa oras ng pag-aaral, paglalaro, o pahinga ng isang bata; c) nakakatulong o nagpapahusay sa kanilang normal na pag-unlad.

Sagot: Ang ganitong mga uri ng trabaho ay tinutukoy ng pamahalaan ng isang bansa at ng mga batas na itinakda nila para pamahalaan ang legal at ilegal na trabaho. Ang International Labor Organization (ILO) ay nagbibigay ng mga direktang rekomendasyon sa mga pamahalaan ng mga bansa kung anong uri ng mga trabaho ang dapat isama sa bawat kategorya.

Mapanganib na Trabaho



Halos kalahati ng lahat ng mga bata na nakikibahagi sa nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata ay sangkot sa mga mapanganib na gawain.

Limang Uri ng Mapanganib na Trabaho para sa mga Bata



Pagtatrabaho sa ilalim ng lupa, sa ilalim ng tubig, at sa mapanganib na taas, o sa mga makitid na espasyo



Pagtatrabaho gamit ang mga mapanganib na makinarya, kagamitan at kasangkapan o kung saan ay sangkot sa manu-manong paghawak o pagdadala ng mabibigat na kargada



Pagtatrabaho sa isang hindi malusog na kapaligiran na maaaring, halimbawa, maglantad sa mga bata sa mga mapanganib na sangkap, ahente o proseso, o sa mga temperatura, antas ng ingay, o panginginginig na nakakapinsala sa kanilang kalusugan



Pagtatrabaho na naglalantad sa mga bata sa pisikal, sikolohikal, o sekswal na pang-aabuso



Pagtatrabaho sa ilalim ng partikular na mahirap na mga kondisyon tulad ng pagtatrabaho ng mahabang oras o sa gabi o pagtatrabaho kung saan ang bata ay hindi makatwirang nakakulong sa lugar ng tagapag-empleyo.

Ang 3 M ng Mapanganib na Trabaho



Tandaan ang **3 M**.

Protektahan ang mga manggagawa mula sa **marumi, mahirap, at mapanganib** na trabaho.

Sanayan: Mayroon bang alinman sa 3 M sa mga sitwasyong ito?

1. Si **Clarice** ay 10 taong gulang. Tuwing Biyernes, nananatili siya sa bahay mula sa paaralan at nag-aalaga sa dalawang nakababatang kapatid, edad 1 at 2, habang ang kanyang ina ay nasa palengke at nagbebenta ng mga damit.
2. Si **Marina** ay 13 taong gulang. Pumapasok siya sa paaralan araw-araw, ngunit kung minsan ay kailangang alagaan ang kanyang 7 taong gulang na kapatid ng ilang oras pagkatapos ng klase, habang ang kanyang ina ay nasa bahay at humahabi ng mga duyan para sa kanyang negosyo.
3. Si **David** ay 9. Pumapasok siya sa paaralan at tumutulong sa kanyang pamilya tuwing Sabado sa pamamagitan ng paghuhuli, pagpuputol, at pagtitinda ng isda sa puwesto sa palengke ng kanyang ina. Nagsisimula siyang mangisda kasama ang kanyang ama ng 4:30 am at matatapos sa pagbebenta ng 3:00 pm.
4. Si **Moussa** ay 17. Nakatapos siya ng pag-aaral noong nakaraang taon, kaya ngayon ay nagtatrabaho siya mula 8 am hanggang 5 pm limang araw sa isang linggo bilang tagapagsilbi sa restawran ng kanyang ina.
5. Si **Lieu** ay 15. Tinutulungan niya ang kanyang ina na mangolekta ng panggatong at pakainin ang mga manok ng pamilya bago pumasok sa paaralan, habang abala ang kanyang ina sa pangangalap ng mga gulay na ibebenta sa palengke.
6. Si **João**, na 14 taong gulang, ay nagbubunot ng damo, nag-iispray ng mga pestisidyo sa mga pananim, at umaani ng itinanim ng kanyang ina. Nagtatrabaho siya ng 10-oras na araw gamit ang isang itak, ngunit tuwing bakasyon sa paaralan at sa katapusan ng linggo lamang.

Mga Sagot: Mayroon bang alinman sa 3 M sa mga sitwasyong ito?

Tanong: 1. Si **Clarice** ay 10 taong gulang. Tuwing Biyernes, nananatili siya sa bahay mula sa paaralan at nag-aalaga sa dalawang nakababatang kapatid, edad 1 at 2, habang ang kanyang ina ay nasa palengke at nagbebenta ng mga damit.

Sagot: Oo. Mayroong 1 M. Inilarawan ang mga gawain sa pangangalaga ng bata ni Clarice bilang **mahirap** para sa isang batang babae sa edad niya at ang kanyang trabaho ay nakakasagabal sa kanyang pag-aaral.

Tanong 2: Si **Marina** ay 13 taong gulang. Pumapasok siya sa paaralan araw-araw, ngunit kung minsan ay kailangang alagaan ang kanyang 7 taong gulang na kapatid ng ilang oras pagkatapos ng klase, habang ang kanyang ina ay nasa bahay at humahabi ng mga duyan para sa kanyang negosyo.

Sagot: Hindi. Ang gawain ni Marina ay hindi inilarawan bilang **marumi, mahirap, o mapanganib**. Nagtatrabaho siya nang kaunting oras at nagsasagawa ng gawaing pangangalaga sa bata na malamang ay legal para sa kanyang edad. Ang kanyang trabaho ay hindi nakakasagabal sa kanyang pag-aaral.

Tanong 3: Si **David** ay 9. Pumapasok siya sa paaralan at tumutulong sa kanyang pamilya tuwing Sabado sa pamamagitan ng paghuhuli, pagpuputol, at pagtitinda ng isda sa puwesto sa palengke ng kanyang ina. Nagsisimula siyang mangisda kasama ang kanyang ama ng 4:30 am at matatapos sa pagbebenta ng 3:00 pm.

Sagot: Oo. Mayroong mga 3 M. Ang gawain ni David ay inilarawan bilang **marumi, mahirap, at mapanganib**. Wala pa siya sa legal na edad ng pagtatrabaho, nagtatrabaho ng higit sa 8 oras sa isang araw, maaga sa umaga (sa mga oras na itinuturing na "gabi") at gumagamit ng isang mapanganib na kasangkapan (ibig sabihin, isang kutsilyo) para putulin ang isda. Maaari rin siyang malantad sa mga panganib mula sa dinaraanang trapiko o panliligalig mula sa mga kostumer kapag nagbebenta siya ng isda sa mga lansangan.

Mga Sagot: Mayroon bang alinman sa 3 M sa mga sitwasyong ito?

Tanong 4: Si **Moussa** ay 17. Nakatapos siya ng pag-aaral noong nakaraang taon, kaya ngayon ay nagtatrabaho siya mula 8 am hanggang 5 pm limang araw sa isang linggo bilang tagapagsilbi sa restawran ng kanyang ina..

Sagot: Hindi. Si Moussa ay nasa legal na edad na ng pagtatrabaho. Ang kanyang mga oras ng trabaho ay nasa loob ng mga limitasyon para sa mga bata sa edad niya at ang kanyang mga gawain sa trabaho ay **hindi inilalarawan bilang marumi, mahirap o mapanganib**. Natapos na niya ang kanyang kompulsaryong pag-aaral.

Tanong 5: Si **Lieu** ay 15. Tinutulungan niya ang kanyang ina na mangolekta ng panggatong at pakainin ang mga manok ng pamilya bago pumasok sa paaralan, habang abala ang kanyang ina sa pangangalap ng mga gulay na ibebenta sa palengke.

Sagot: Hindi. Si Lieu ay nasa legal na edad na ng pagtatrabaho at hindi inilarawan ang kanyang mga gawain sa trabaho bilang **marumi, mahirap o mapanganib** at hindi nakakasagabal ang kanyang trabaho sa kanyang pag-aaral.

Tanong 6. Si **João**, na 14 taong gulang, ay nagbubunot ng damo, nag-iispray ng mga pestisidyo sa mga pananim, at umaani ng itinatanim ng kanyang ina. Nagtatrabaho siya ng 10-oras na araw gamit ang isang itak, ngunit tuwing bakasyon sa paaralan at sa katapusan ng linggo lamang.

Sagot: Oo. Mayroong mga 3 M. Ang trabaho ni João ay inilarawan bilang **marumi, mahirap at mapanganib na trabaho** (pag-iispray ng mga pestisidyo, paggamit ng itak at pagtatrabaho ng mahabang oras). Maaaring wala pa siya sa legal na edad para magtrabaho.

Mga Karaniwang Paniniwala Tungkol sa Trabahong Pambata

Paniniwala

- Ang pagtatrabaho ay tumutulong sa mga bata na magkaroon ng mga kapaki-pakinabang na kasanayan.
- Ang mga batang nagtatrabaho sa katapusan ng linggo at pista opisyal ay hindi nanganganib sa nakakapinsalang pagtatrabaho.

Mga Katotohanan

- Ang isang sitwasyon sa trabaho na naglalantad sa mga bata sa mga panganib at maaaring makagambala sa kanilang pag-aaral ay nakakapinsalang trabaho. May iba pang paraan para sanayin ang mga bata para makuha ang mga kasanayang kailangan nila sa pagtatrabaho sa hinaharap.
- Ang mga bata ay maaaring makaranas ng negatibong pisikal, mental, at emosyonal na mga panganib na masangkot sa mapanganib na paggawa, kahit na nagtatrabaho sila sa katapusan ng linggo at regular na pumapasok sa paaralan.

Mga Karaniwang Paniniwala Tungkol sa Trabahong Pambata

Mga Paniniwala

- Ang pagtatrabaho ng bata ay bahagi ng kultura.
- Pinapanatiling abala ang mga bata at malayo sa gulo.

Mga Katotohanan

- Ang pagtatrabaho ng bata ay maaaring maging isang positibong aspeto ng mga kultural na tradisyon kung naaangkop ito sa edad at hindi mapanganib.
Gayunpaman, maaari itong maging negatibo, kung malalagay sa alanganin ang kalusugan at kaligtasan ng isang bata o may masamang epekto sa kanilang pag-aaral at pag-unlad.
- Ang mga bata ay walang mga kasanayan o karanasan sa buhay para mahulaan at pamahalaan ang mga panganib na maaaring makaharap nila sa lahat ng mga sitwasyon sa trabaho; kaya, hindi ligtas na paraan ang nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata para maging abala ang mga bata.

Mga ugat na Sanhi ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho ng Bata

Pangunahing Dahilan: Kahirapan

Bahagi I

Mga Salik:

- Mga hadlang sa edukasyon
- Kakulangan ng access sa mga serbisyong pinansyal, partikular na sa pautang
- Mga kakulangan sa matatandang manggagawa na nagpapataas para sa trabaho ng mga bata
- Mga Value chain
- Isang pangangailangan sa masunurin, mapagkakatiwalaan, maliksi, at/o murang pagtatrabaho

Mga ugat na Sanhi ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho ng Bata

Pangunahing Dahilan: Kahirapan

Bahagi II

Mga Salik:

- Ang mga pananaw ng magulang na ang edukasyon ay mababa ang halaga
- Ang kagustuhan ng magulang para sa mga bata na magkaroon ng karanasan sa trabaho
- Kakulangan ng kamalayan sa mga karapatan ng mga bata at sa mga panganib na masangkot sa nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata
- Mga hindi epektibong batas at pagpapatupad para protektahan ang mga bata
- Ang kakulangan ng disenteng mga oportunidad at diskriminasyon
- Mga krisis at emerhensiya
- Ang kakulangan ng panlipunang suporta para sa mga pamilya₂₅

Nakakapinsala ng Pagtatrabaho ng Bata at Mga Hadlang sa Edukasyon



Kompulsaryong Edukasyon at Pagtatrabaho

Pag-usapan, isulat, o iguhit.

1. Ano ang mga edad sa kompulsaryong edukasyon sa inyong lugar?
2. Tumutugma ba ang pinakamababang edad ng pagtatrabaho sa iyong lugar sa kinakailangang kompulsaryong edukasyon?

“Ang pagtanggap ng child labor at access sa edukasyon ay parang dalawang panig ng isang barya.

Ang isa ay hindi makakamit kung wala ang isa pa.”

Kailash Satyarthi, Tagapagtatag, Global March Against Child Labour, at Nagwagi ng Nobel Peace Prize

- Kahirapan at ang mataas na gastos ng pag-aaral
- Mga krisis at emerhensiya, na nagiging sanhi na hindi ma-access ng mga bata ang paaralan
- Diskriminasyon
- Pinaghihinalaang mababang halaga ng edukasyon ng mga magulang at iba pang miyembro ng komunidad
- Hindi magandang imprastraktura at pagtuturo ng paaralan
- Hindi nababagong sistema ng pormal na edukasyon (hal., kulang sa mga serbisyo sa espesyal na pangangailangan)
- Kakulangan ng mga paaralan, transportasyon at may kalidad na pangalawang pagkakataon at hindi tradisyonal na mga programa sa paaralan
- Mga kagustuhan ng magulang na magtrabaho ang mga bata


Mga Hadlang sa Edukasyon

**Nauugnay sa:
Kasapatan, Pagiging
Available, at Access**



Sanayan: Mga Negatibong Epekto sa Kalusugan ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho

Itugma ang A sa B



A. Mga Negatibong Epekto sa Kalusugan

- mga epekto sa utak
- Carpal Tunnel Syndrome
- sakit sa likod
- mga problema sa paghinga
- pagsusuka
- pinsala sa pandinig at paningin
- pagkapilay


B.

-
-
-
-
-
-
-

Ano ang iba pang mga epekto na naiisip mo?

Mga Sagot: Mga Negatibong Epekto sa Kalusugan ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho

Itugma ang A sa B



A. Mga Negatibong Epekto sa Kalusugan

- a. mga epekto sa utak
- b. Carpal Tunnel Syndrome
- c. sakit sa likod
- d. mga problema sa paghinga
- e. pagsusuka
- f. pinsala sa pandinig at paningin
- g. pagkapilay

B.


- 1. a
- 2. d
- 3. g
- 4. f
- 5. c
- 6. b
- 7. e

Ano ang iba pang mga epekto na naiisip mo? **Sekswal na pang-aabuso, pagkapagod, paso, hiwa, frostbite, pagkalunod, pantal, pagkalason, pagkasira ng bali, kalungkutan, pandiwang pang-aabuso, pagkabansot, atbp.**

Mga Kahihinatnan ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho ng Bata


MGA BATA

- ✓ Mababang partisipasyon, tagumpay at pagkumpleto sa edukasyon
- ✓ Mahinang mental at pisikal na kalusugan
- ✓ Mga problema sa pag-unlad ng bata




MGA PAMILYA

- ✓ Kahirapan
- ✓ Kulang sa Katatagan



MGA KOMUNIDAD

- ✓ Kulang na edukasyon sa mga matatanda
- ✓ Nakikipagkumpitensya ang nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata sa pagtatrabaho ng matatanda, na humahantong sa mas mababang sahod para sa mga matatanda
- ✓ Mahinang paglago ng ekonomiya at kaunlaran sa mga komunidad



May mga panganib na nauugnay sa trabaho hindi lamang sa mga bata, kundi pati na rin **sa mga matatanda**, kabilang sa mga negosyo ng kababaihan.

**Mga
Nakakapinsalang
Kondisyon sa
Pagtatrabaho
para sa mga
Matatanda**



Ano ang Mga Katanggap-tanggap na Kondisyon ng Pagtatrabaho (Acceptable Conditions of Work, ACW)?

Mga limitasyon sa **ORAS/ARAW NG PAGTATRABAHO** at pinakamababang araw ng **ORAS NG PAHINGA***.

MGA SAHOD (madalas na minimum na sahod) na nagbibigay ng disenteng pamumuhay sa mga manggagawa at sa kanilang mga pamilya*.

Pinakamababang mga kondisyon para sa proteksyon ng **KALIGTASAN** at **KALUSUGAN** ng mga manggagawa*.

Alam mo ba ang mga batas ng ACW sa iyong lugar?

*Ang mga kundisyong ito ay tinutukoy sa antas ng bansa.

Mapagkukunan: U.S. Trade Act of 2002

Mga Nakakapinsalang Kondisyon sa Pagtatrabaho

Mga Konteksto Kung Saan Ito Mas Malamang

- ✓ **Impormal na sektor ng trabaho** (hal., hindi rehistrado, maliliit na negosyo)
- ✓ **Hindi protektadong trabaho** (hal., de-kontratang trabaho, kung saan walang benepisyo at kakauntin ang mga legal na proteksyon)
- ✓ **Sapilitang pagtatrabaho** (hal., mga sitwasyong ipinagbabawal sa trabaho gaya ng human trafficking o sa bonded labor)
- ✓ **Mapanganib na trabaho** (hal., pansamantalang trabaho, at iba pang hindi matatag na sitwasyon)



Ano ang Mga Nakakapinsalang Kondisyon sa Pagtatrabaho?

Ano ang trabahong itinuturing na nakakapinsala at hindi katanggap-tanggap sa mga matatanda?

Pag-usapan, isulat, o iguhit.

Trabaho na....

- Naglalagay sa panganib ng kalusugan ng manggagawa?
- Naglalagay sa panganib ng buhay ng manggagawa?
- Nagbabanta sa seguridad ng manggagawa, at kalayaan?
- Ibinababa ang dignidad bilang tao ng manggagawa?
- Pinapanatili ang sambahayan sa kahirapan?

Anong mga halimbawa ang nakita mo sa iyong lugar o sa mga sambahayan ng mga kliyente?

Saan mo malalaman ang higit pa tungkol sa...

Pinakamababang edad para sa pagtatrabaho, pinakamababang sahod, pinakamataas na oras/araw ng trabaho, pinakamababang oras ng pahinga, at mapanganib na trabaho?

Mga Mapagkukunan: Mga pambansang ahensya ng paggawa at lokal na pamahalaan (hal., Ministry/Kagawaran ng paggawa, mga tanggapan ng paggawa ng munisipyo), **Mga ahensya ng Mga Bata, Kababaihan at Pamilya, mga unyon ng manggagawa.**

Mga ipinagbabawal na anyo ng paggawa sa ilalim ng mga batas kriminal, gaya ng human trafficking?

Mga Mapagkukunan: Pambansa at lokal na mga ahensyang nagpapatupad ng batas kriminal (hal., (hal, Ministri/Kagawaran ng Hustisya, Procurer General, anti-drug trafficking at mga ahensyang kumokontrol sa mga border).).

Iba pang Mapagkukunan:

International Labor Organization: <https://www.ilo.org/global/topics/child-labour/lang--en/index.htm>

U.S. Department of Labor: *By the Sweat and Toil of Children* app: <https://www.dol.gov/general/apps/ilab>

Mga internasyonal, pambansa, at lokal na NGO at mga organisasyong nakabase sa komunidad

Mga Sitwasyon: Kilalanin ang Nakakapinsalang Trabaho

1. Si **Marie** ay nagpapatakbo ng home-based baking business kasama ang isang empleyado. Sa panahon ng abalang panahon, hinihiling niya sa kanyang empleyado na magtrabaho ng 60 oras sa isang linggo, na walang bayad sa overtime at walang araw ng pahinga.
2. Si **Lilia** ay gumagawa ng keso sa kanyang tahanan na ibinebenta niya sa isang tagapamahagi. Maliit ang kanyang negosyo, kaya hindi niya kayang kumuha ng pagsasanay sa kaligtasan na ipinag-uutos ng gobyerno sa mga tagagawa ng pagkain o gumamit ng mga kagamitang pang-proteksyon kapag nagtatrabaho siya.
3. Si **Seema** ay nagsimula pa lamang ng kanyang sariling negosyo sa pagbuburda. Mayroon siyang isang babaeng empleyado na isang solong magulang na ulo ng sambahayan, ngunit kaya lamang niyang bayaran ang kalahati ng pinakamababang sahod ng gobyerno para sa mga manggagawa sa industriya ng damit.

Mga Sagot: Kilalanin ang Nakakapinsalang Trabaho

1. Si **Marie** ay nagpapatakbo ng home-based baking business kasama ang isang empleyado. Sa panahon ng abalang panahon, hinihiling niya sa kanyang empleyado na magtrabaho ng 60 oras sa isang linggo, na walang bayad sa overtime at walang araw ng pahinga.

Ang empleyado ni Marie ay nagtatrabaho ng mas maraming oras kaysa sa katanggap-tanggap ng mga internasyonal na pamantayan, nakakakuha ng hindi sapat na suweldo para sa overtime na trabaho, at hindi nakakakuha ng sapat na oras ng pahinga. Isinasaad ng mga internasyonal na pamantayan na dapat magtrabaho ang mga manggagawa nang hindi hihigit sa 40 oras sa isang linggo, o 48 na may overtime pay, at dapat niyang bigyan ang empleyado ng isang pinakamababa na isang 24 na oras na pahinga bawat linggo.

2. Si **Lilia** ay gumagawa ng keso sa kanyang tahanan na ibinebenta niya sa isang tagapamahagi. Maliit ang kanyang negosyo, kaya hindi niya kayang kumuha ng pagsasanay sa kaligtasan na ipinag-uutos ng gobyerno sa mga tagagawa ng pagkain o gumamit ng mga kagamitang pang-proteksyon kapag nagtatrabaho siya.

Ang kaligtasan ni Lilia ay nanganganib dahil sa kanyang kakulangan sa pagsasanay at paggamit ng mga kagamitang pang-proteksyon sa kanyang negosyo. Bukod pa rito, malamang na inilalagay niya sa panganib ang kanyang mga kostumer at ang kanyang negosyo sa paggawa ng kanyang produkto sa hindi ligtas na paraan.


3. Si **Seema** ay nagsimula pa lamang ng kanyang sariling negosyo sa pagbuburda. Mayroon siyang isang babaeng empleyado na isang solong magulang na ulo ng sambahayan, ngunit kaya lamang niyang bayaran ang kalahati ng pinakamababang sahod ng gobyerno para sa mga manggagawa sa industriya ng damit.

Malamang na hindi sapat ang kinikita ng empleyado ni Seema para maalis sa kahirapan ang kanyang sambahayan, dahil sa kanyang mababang sahod.

Ang Mga Dahilan ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho

Mga Bata


Mga Matatanda



Mga Karaniwang Kahihinatnan ng Nakakapinsalang Pagtatrabaho

Mga Bata

Mga Matatanda



Saan ka makakahanap ng higit pa tungkol sa...

Mga Patakaran at Programa sa Trabaho na may kaugnayan sa Mga Bata at matatanda?

- ✓ Mga pambansang ahensya ng paggawa at lokal na pamahalaan (hal., Ministry/Kagawaran ng paggawa, mga tanggapan ng paggawa ng munisipyo)
- ✓ Ministri ng kababaihan
- ✓ Mga ahensya, komisyon, at komite sa proteksyon ng bata at kabataan (hal., Ministri/Kagawaran ng Kabataan, Komite ng Pambansang Paggawa ng Bata, Pambansang Anti-Trafficking Task Force, Konseho para sa Kapakanan ng mga Bata, atbp.)
- ✓ Mga unyon ng manggagawa at mga tagapag-empleyo
- ✓ Mga ahensyang nagpapatupad ng batas kriminal (hal., (hal, Ministri/Kagawaran ng Hustisya, Procurer General, anti-drug trafficking at mga ahensyang kumokontrol sa mga border), mga opisina ng pulisya sa munisipyo,).
- ✓ Mga internasyonal na multilateral na organisasyon, at internasyonal, pambansa, at lokal na NGO at mga organisasyong nakabatay sa komunidad na may mga responsibilidad sa paglilingkod sa mga manggagawa.

Anong iba pang organisasyon ang maiisip mo?

**Paano
Konektado Ang
Nakakapinsalang
Pagtatrabaho
para sa Mga Bata
at Matatanda sa
Mga Negosyo ng
Kababaihan**



Nakakapinsalang Pagtatrabaho ng mga Bata at Mga Negosyo ng Babae

Dalawang paraan kung paano nangyayari ang problemang ito:

- ✓ Ang mga bata ay nagtatrabaho sa negosyo ng isang babae, at/o
- ✓ Ang mga bata ay nakikibahagi sa gawaing bahay (mga gawaing bahay na labas sa naaangkop na edad) para suportahan ang mga babaeng negosyante.

Piliin ang A o B: Alin ang nagpapakita ng mas mataas na panganib sa nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata sa mga inisyatiba ng WEE?

Salik ng Panganib A

1. Isang naitatag na negosyo
2. Isang maliit na negosyo
3. Isang pormal na negosyong sektor
4. Negosyo sa isang mababang kita na sambahayan
5. Negosyo sa solong magulang na sambahayan
6. Ang nagtatrabahong bata ay higit sa 10 taong gulang
7. Nagtatrabahong anak na may mga mas batang kapatid
8. Nagtatrabahong anak na lalaki

Salik ng Panganib B

1. Isang bagong negosyo
2. Isang katamtamang laki o malaking negosyo
3. Isang impormal na negosyong sektor
4. Negosyo sa isang sambahayan na may mataas na kita
5. Negosyo sa dalawang magulang na sambahayan
6. Ang nagtatrabahong bata ay wala pang 10 taong gulang
7. Nagtatrabahong anak na walang mga mas batang kapatid
8. Nagtatrabahong anak na babae

Piliin ang A o B: Alin ang nagpapakita ng mas mataas na panganib sa nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata sa mga inisyatiba ng WEE?

Salik ng Panganib A

1. Isang naitatag na negosyo
2. Isang maliit na negosyo
3. Isang pormal na negosyong sektor
4. Negosyo sa isang mababang kita na sambahayan
5. Negosyo sa solong magulang na sambahayan
6. Ang nagtatrabahong bata ay higit sa 10 taong gulang
7. Nagtatrabahong anak na may mga mas batang kapatid
8. Nagtatrabahong anak na lalaki

Salik ng Panganib B

1. Isang bagong negosyo
2. Isang katamtamang laki o malaking negosyo
3. Isang impormal na negosyong sektor
4. Negosyo sa isang sambahayan na may mataas na kita
5. Negosyo sa dalawang magulang na sambahayan
6. Ang nagtatrabahong bata ay wala pang 10 taong gulang
7. Nagtatrabahong anak na walang mga mas batang kapatid
8. Nagtatrabahong anak na babae

Mga Salik na Kaugnay ng Negosyo na Nag-aambag sa Nakakapinsalang Pagtatrabaho sa Mga Negosyo ng Kababaihan

- **Kakulangan ng access sa mga kalakal at serbisyong pinansyal** na iniayon sa kanilang mga pangangailangan (hal., mga pautang na mababa ang interes, mga nababagong tuntunin sa pagbabayad)
- **Kakulangan ng access sa kapital, manggagawa, edukasyon, pagsasanay sa negosyo, at pag-unlad** (hal., pagtuturo)
- **Pagkiling sa kasarian:** mga legal na hadlang at kultural na kaugalian na nakakaapekto sa mga negosyo ng kababaihan
- **Kakulangan ng mga panlipunang proteksyon sa mga pamilya,** gaya ng segurong pangkalusugan




Bakit Dapat Makialam ang Mga Aktor ng WEE?

Bakit Dapat Makialam ang Mga Aktor ng WEE?

Ang mga Aktor ng WEE **AY KAYANG** tumulong na maputol ang siklo ng nakakapinsalang pagtatrabaho sa mga negosyo ng kababaihan.

Mga Benepisyo sa Pakikialam ng Aktor ng WEE




**Mas Mahusay na Paglago, Mga Kita, at Isang
Mapagkumpitensyang Kalamangan**

Mga Benepisyo sa Pakikialam ng Aktor ng WEE


Pagiging pinuno ng industriya at...

**pagkakaroon ng mas malusog at mas
nahimok na mga kliyente.**



Mga Benepisyo sa Pakikialam ng Aktor ng WEE

Pinalawak na mga kliyente at mga pagkakataon sa mga mamumuhunan at mga ahensyang nagpapatunay.




**Ano ang Magagawa ng mga Aktor
ng WEE?**

Ano ang Magagawa ng mga Aktor ng WEE?


1. **Mga pagkilos na nauugnay sa mga institusyong pampinansyal:** kanilang mga patakaran, produkto/serbisyo, staffing, at mga pakikipagpartner sa labas



2. **Mga pagkilos na nauugnay sa mga kliyente:** kanilang mga negosyo at kanilang mga pamilya



Mayroon bang ibang mga aksyon na kailangang gawin?



Ano ang RICHES Toolkit?

Ano ang RICHES Toolkit?

May alam sa pamamagitan ng pananaliksik; pinondohan ng US Department of Labor

Nagbibigay ng kasalukuyang impormasyon at mga user-friendly na mga diskarte

na dinisenyo para tulungan ang mga Aktor ng WEE:

- **gumawa ng mga aksyon na may kaugnayan sa kanilang mga institusyon;**
- **gumawa ng mga aksyon na may kaugnayan sa mga kliyente para matugunan ang mga nakakapiinsalang pagtatrabaho sa mga negosyo ng kanilang mga kliyente.**



Toolkit sa mga WEE Actor

PAGTATAKDA NG PUNDASYON Unang Bahagi

Magsimula dito: Gamitin ang mga tool na ito upang bumuo ng **antas ng pangangasiwa** ng kamalayan at pag-unawa sa mga risk sa organisasyon at programa ng mapaminsalang trabaho para sa mga kabataan at kababaihan.

- **Making the Case Presentation**
- **Pag-aaral ng mga Panganib**
- **Social Performance Management (SPM) Guide** (SPM Assessment Lang)
- **Pagsasanay sa Pag-unawa sa Mapanganib na Trabaho** (sa Pamamahala Lamang)
- **Gabay sa Pagbuo ng mga Linkage** (Listahan ng Pakikipag-ugnayan sa Pang-emergency at External na Suporta Lang)

-
- **Gabay para sa mga Namumuhunan** (sa Mga Namumuhunan Lang)

PAGBUO NG ISTRUKTURA Pangalawang Bahagi

Gamitin ang mga tool na ito upang magkaroon ng kamalayan sa **frontline staff-level** at bigyang-prioridad ang mga bago o pinahusay na produkto at serbisyo.

- **Gabay sa Social Performance Management (SPM)** (Lahat ng mga tool)
- **Pagsasanay para sa Pag-unawa sa mga Mapaminsalang Trabaho** (kasama ang Lahat ng Staff)
- **Gabay sa Pananaliksik sa Market**
- **Gabay sa Mga Serbisyong Pinansyal**
- **Pagsasanay sa Pagdidisenyo**

PAGHIMOK SA MGA KALAHOK Pangatlong Bahagi

Gamitin ang mga tool na ito upang magkaroon ng kamalayan sa **antas ng pakikilahok** at suportahan ang mga pangangailangan nila.

- **Gabay sa Pagbuo ng mga Linkage** (Lahat ng mga tool)
- **Gabay sa Pagsusuri ng Negosyo** (Papel + Digital na Bersyon)
- **Gabay sa mga Pag-uusap sa Loob ng Tahanan**
- **Kurikulum ng Mapanganib na Negosyo** (Papel + Digital na Bersyon)
- **Gabay sa Monitoring and Evaluation**

Subukan ang mga Kagamitan para sa Pagkilos

Sanayin ang mga Kliyente na Ipatupad ang Pagtatasa sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho gamit ang Limang Daliri

Ang mga daliri ay kumakatawan sa:

- **Pisikal** (Maaari ba nating gamitin ang ating mga katawan nang walang sakit?)
- **Kemikal** (Lumalanghap ba tayo ng malinis na hangin, umiinom ng malinis na tubig, at nananatiling ligtas sa mga mapanganib na kemikal o basura?)
- **Emosyonal** (Nararamdaman ba natin na ligtas at panatag tayo sa ating mga relasyon?)
- **Paglago at Pag-unlad** (Maaari ba tayong mabuhay, magtrabaho, at matuto sa paraang naaangkop sa edad?)
- **Edukasyonal** (Puwede bang regular na dumalo at lumahok sa paaralan ang ating mga anak?)







Subukan ang mga Kagamitan para sa Aksyon: Mga Solusyong WISE


Pinakahindi-
epektibo



Pinaka-
epektibo

<p>Warn o Balaan at Ituro ang tungkol sa Mga Panganib</p>		<ul style="list-style-type: none"> • Turuan ang mga manggagawa tungkol sa mga panganib sa panahon ng pagsasanay • Pangasiwaan at alertuhan ang mga manggagawa sa mga potensyal na panganib habang nasa trabaho • Magbigay ng mga babala tungkol sa mga panganib hindi lamang sa salita, ngunit gamit ang mga palatandaan/mga label/mga kulay/senyas o iba pang simbolo
<p>Isolate o Ihiwalay mula sa Mga Panganib</p>		<ul style="list-style-type: none"> • Magdagdag ng distansya at/o mga hadlang para panatilihin malayo ang mga panganib; panatilihin naka-secure nang maayos ang mga mapanganib na kagamitan at materyales • Gumamit ng personal protective equipment (PPE), tulad ng mga guwantes at mask para magbigay ng hadlang at mabawasan ang pagkakalantad sa mga panganib at mga diskarte sa paglilinis para alisin ang mga pagkakalantad sa panganib
<p>Substitute o Palitan ng mas Mababa ang Mas Mataas na Panganib</p>		<ul style="list-style-type: none"> • Palitan ang isang mapanganib na proseso (agrochemical) ng isang hindi mapanganib na proseso (organic na pagsasaka) • Palitan ang isang mapanganib na kagamitan/kasangkapan ng hindi gaanong mapanganib na kasangkapan • Palitan ang isang awtomatikong proseso ng prosesong pantao • Palitan ang isang mabigat na karga ng mas magaan (mga) karga, o gumamit ng kagamitan para sa paglipat ng mga bagay • Palitan ang ilang oras ng trabaho ng panahon ng pahinga • Palitan ang trabaho sa matataas na lugar ng mga trabaho sa lupa • Palitan ang pang-gabi ng pang-umagang trabaho • Palitan ang mabilis na trabaho ng mas mabagal na trabaho • Magtrabaho nang dalawahan at may nangangasiwa sa halip na mag-isa • Palitan ang mga kumplikadong maraming hakbang na gawain ng mas simpleng gawain • Gumamit ng isang manggagawang nasa legal na edad para sa isang taong wala pa sa legal na edad ng pagtatrabaho para sa pagsasagawa ng mga mapanganib na gawain • Palitan ng isang mas may karanasang manggagawa ang isang may mas kaunting karanasan para sa pagsasagawa ng mga kumplikadong gawain
<p>Eliminate o tanggalin ang Mga Panganib</p>		<ul style="list-style-type: none"> • Tanggalin ang gawaing grabe at kriminal • Tanggalin ang mga gawain/kondisyon sa trabaho na nagdudulot ng banta ng agarang pinsala • Pigilan ang mga bata sa paggawa ng trabahong nakakasagabal sa kinakailangang edukasyon • Pigilan ang mga bata sa paggawa ng trabahong hindi maaaring mabawasan ang panganib

Subukan ang mga Kagamitan para sa Pagkilos



I-CHOOSE ang Kaligtasan para sa Negosyo

Consider o isaalang-alang ang maraming panganib (ibig sabihin, pisikal, kemikal, mental, atbp.) na ibinibigay ng negosyo para sa matatanda at mga bata.

Help o tulungan ang mga manggagawa na maintindihan kung paano magtrabaho nang ligtas.

Only o payagan lamang ang mga bata na gumawa ng trabaho na naaangkop sa edad.

Omit o tanggalin sa mga bata ang trabaho na kinasasangkutan ng 3 M—ibig sabihin, gawaing Marumi, Mapanganib, o Mahirap—at magpatupad ng iba pang mga diskarte sa pagpapagaan ng panganib para protektahan sila mula sa pinsala;

Supervise o pangasiwaan ang lahat ng manggagawa, partikular na ang mga bata.

Ensure o siguruhin na hindi nakakasagabal sa pag-aaral ng mga bata ang trabahong iyon.

Maaari mong gamitin ang RICHES Toolkit sa pamamagitan ng...

1

Pagsasama ng toolkit, sa kabuuan nito o sa ilang bahagi, sa loob ng gawain ng iyong organisasyon at pagbibigay ng feedback tungkol dito;

2

Pagbabahagi ng toolkit sa iba pang mga proyekto, katapat, o departamento sa loob at labas ng iyong organisasyon; at

3

Pagho-host ng toolkit alinman sa kabuuan nito o sa bahagi sa website ng iyong organisasyon.

Mga Pangunahing Punto na Dapat Tandaan

Mga Pangunahing Punto na Dapat Tandaan

Ang trabahong pambata ay nagpapahusay sa pag-unlad ng bata. Humahadlang dito ang nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata.

May negatibong kahihinatnan ang nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata, hindi lamang para sa nagtatrabahong bata, kundi pati na rin sa kanilang pamilya at komunidad.

Para mas maprotektahan ang mga bata at matugunan ang mga nakakapinsalang sitwasyon sa trabaho sa mga negosyo ng kababaihan, dapat tayong tumuon sa mga ugat ng mga problemang ito.

Ang pag-access sa microcredit ay maaaring magpalala sa mga sitwasyon ng nakakapinsalang pagtatrabaho ng bata.

Sa pakikipagtulungan sa ibang mga organisasyon, ikaw ay makakatulong na protektahan ang mga bata at masira ang siklo ng mapaminsalang trabaho sa mga negosyo ng inyong mga kliyente, habang nakakamit ang mga benepisyo sa inyong sariling mga negosyo.

Salamat sa pakikilahok sa pagsasanay!

Para magbigay ng feedback sa pagsasanay na ito, o sa higit pang impormasyon tungkol sa proyekto ng RICHES, makipag-ugnayan kay:

Amelia Kuklewicz

Direktor ng Proyekto ng RICHES

Grameen Foundation

Email: akuklewicz@grameenfoundation.org

Tel: (+593) 995454564

Skype: amelia.kuklewicz

Mga Acronym

Acronym	Kahulugan
ABA ROLI	American Bar Association - Rule of Law Initiative (Asosasyon ng Bar ng Amerika - Inisyatiba ng Panuntunan ng Batas)
ILAB	Bureau of International Labor Affairs (Kawanihan ng Paggawa ng US)
NGO	Non-Governmental Organization (Organisasyong Hindi Gobyerno)
OCFT	Office of Child Labor, Forced Labor, and Human Trafficking (Opisina ng PAgtatrabaho ng bata, Sapilitang Paggawa, at Human Trafficking)
OSH	Occupational Safety and Health Administration (Pangangasiwa sa Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho)
PSA	Pre-Situational Analysis (Ulat ng Pagsusuri Bago Ang Sitwasyon)
RICHS	Reducing Incidence of Child Labor and Harmful Conditions of Work in Economic Strengthening Initiatives (Pagbabawas ng Insidente ng Pagtatrabaho ng Bata at Nakakapinsalang Mga Kondisyon ng Trabaho sa Mga Inisyatiba sa Pagpapalakas ng Ekonomiya)
UACW	Unacceptable Conditions of Work (Hindi Katanggap-tanggap na Mga Kondisyon sa Pagtatrabaho)
UNCRC	United Nations Convention on the Rights of the Child (Kombensiyon ng United Nations sa Mga Karapatan ng Bata)
USDOL	U.S. Department of Labor (Kagawaran ng Paggawa ng U.S.)
WEE	Women's Economic Empowerment

Mga Pagkilala

Ang kagamitang ito ay binuo ni Chris Camillo, tagapayo para sa Proyekto RICHES sa ngalan ng ABA ROLI kasama ang suporta nina Alison Burgon Bardsley, Bobbi Gray, at Amelia Kuklewicz ng Grameen Foundation at Deepa Ramesh, ng American Bar Association Rule of Law Initiative (ABA ROLI). Ang mga larawan ay dinisenyo nina Lorraine Harris Randle at Dede Mulyana; ang mga grapika ay dinisenyo nina Lilli Beth Gelvezon, independiyenteng tagapayo, at Jenna Smith ng Grameen Foundation. Ang pangwakas na pag-edit ay ginawa ni Jenna Smith.

Ang pangkat ay nagpapasalamat kay Sarah Sunderlin Simpson ng Office of Child Labor, Forced Labor, and Human Trafficking (OCFT) sa kanyang direksyon, pag-edit, input ng disenyo, at suporta sa panahon ng pagbuo ng kagamitang ito. Nagpapasalamat din ang pangkat kay Tanya Shugar ng OCFT na naglaan ng oras para suriin ang mga draft at magbigay ng suporta sa disenyo at pag-edit.

Sa pagtatapos, ipinaaabot ng pangkat ang aming matinding pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pag-aayos at paglahok sa mga pilot na pagsasanay at mga kaganapan sa pag-aaral, lalo na para sa kanilang mga malikhaing ideya, rekomendasyon, at suhestiyon na nakatulong sa paggabay sa pagpipino ng kagamitang ito. Sa partikular, nais ng pangkat na kilalanin ang mga sumusunod na indibidwal: Shea Wilcox, ABA ROLI; Nick Arcilla; Adentunji Afolabi, Nigerian Microfinance Platform (NMP); Abel Oveneri, LAPO Microfinance Bank, Nigeria; Kenneth Okakwu, LAPO Institute for Microfinance and Enterprise Development, Nigeria; Edgar Aguilar Paucar at Patricia Richter, International Labor Organization (ILO); Johanna Ryan, Vision Fund International, UK; Banco Pichincha (Ecuador); Department of Labor and Employment/Bureau of Workers with Special Concerns (DOLE/BWSC) (Philippines); Department of Trade and Industry/Bureau of Small and Medium Enterprise Development (DTI/BSME), kapwa ng Republika ng Pilipinas (Philippines).

Tingnan ang mga tala sa presentasyon para sa mga pagsipi at impormasyon sa paglilisensya ng Creative Commons.

